

1

“Dapat mabinyagan ka na bago pa sumapit ang araw ng graduation natin,” nakangising saad ni Yui kay Chace habang nakatambay sila sa kanilang favorite spot. Nakapaikot ang apat na magkakaibigan sa isang pabilog na mesang gawa sa mahusay at pinakinis na kahoy. Nasa ilalim iyon ng malaking payong gawa sa bakal. ‘Umbrella’ ang tawag nila sa tambayan nilang iyon.

Bukod sa inookupa nilang mesa ay mayroon pang limang mesa roon. Katabi ng Umbrella, sa kaliwang banda ay ang mga hilera ng classrooms at sa kanang banda naman ay ang school canteen. Sa unahan lang ng mesang inookupa nila ay ang comfort room para sa mga babae.

Ang totoo niyan, wala naman talagang pakialam si Chace kahit saan pa tumambay ang barkada—siya, ang makulit na si Yui, at ang hyper twins na sina Art at Ash. Puwede nga siyang tumambay sa biology lab kasama ang mga nakapreserbang creatures sa loob ng maliliit na bote. Walang kaso sa kanya kahit na gugulin pa niya ang buong araw nang mag-isa at walang kausap.

Malas lang niya at nakahanap siya ng mga kaibigang malandi. Mga lalaking kulang sa grasa ang turnilyo sa utak.

“I agree! Dapat makapandilig na ang natitirang virgin sa grupo natin para mabawasan na ang pagka-autistic!” segunda ni Ash.

Pinukol niya lang ng masamang tingin ang dalawang lalaki. “I’m *no* virgin, okay? At hindi ako autistic,” kontra niya, sadyang binigyang-diin ang katagang ‘no.’ Totoo naman iyon. He’d lost his virginity at fourteen to a twenty-year old senior college student. Malaking bulas siya kaya kahit na sa murang edad niya noon ay habulin na siya ng mga babaeng higit na mas matanda kaysa sa kanya.

Espinoy ang tawag niya sa sarili—Plipino na may dugong Español. Malinis at maikli ang gupit ng tuwid at itim niyang buhok na nakasanayan na niyang lagyan ng hair clay ang harapan upang hindi bumagsak sa noo niya ang uneven niyang bangs. Ang kulay tsokolate niyang mga mata ay nakuha niya mula sa Pinoy na ama. Ang matangos niyang ilong at maninipis na labi ay namana naman niya mula sa kanyang ina.

“Weh? Hindi ka virgin, hindi ka rin autistic? Eh, ano ka? Torpe? Kaya hanggang ngayon ay wala ka

pa ring maiparadang girlfriend sa harapan namin?” patuloy na pambubuska sa kanya ni Yui. Ito ang pinakaalaskador sa kanilang apat at ito rin ang pinakamakulit.

Imbis na mapikon ay nagpakawala lang siya ng monotonous na tawa at hindi na nakipagtalo pa. Hindi niya mapapatigil sa pambubuska sa kanya si Yui kahit na pilipitin pa niya ang leeg nito. Hindi naman kasi niya masabi sa mga kaibigan na ayaw niyang magkanobya dahil wala rin namang patutunguhan ang relasyon nila ng malas na babaeng papatol sa kanya. Masasaktan niya lang ito.

Bata pa lang siya ay nakatali na siya sa isang kasunduan. Kasunduang nagsasabing sa tamang panahon ay papakasalan niya ang anak na babae ng matalik na kaibigan ng ama niya, si Cosette. Alam niyang pagtatawanan siya ng mga kaibigan oras na malaman ng mga ito ang rason sa likod ng pilit niyang pagtanggap ma-involve sa mga babaeng nagpapakita ng interes sa kanya. Nasa twenty-first century na nga naman sila at hindi na uso ang arranged marriage sa panahon ngayon.

Personally, wala siyang problema kung ipagkasundo man siya ng ama sa babaeng sa tingin nito ay karapat-dapat sa kanya. He had nothing

against arranged marriages. Produkto siya ng dalawang taong pinagbuklod ng kasunduang iyon at ngayon ay maayos naman ang pamilya nila.

“Pupusta ako, magkaka-girlfriend ka rin bago matapos ang school year na ito. ‘Dami kayang magagandang freshmen at transfer students ngayong taon at kami na ang bahala ni Yui sa love life mo,” hirit ni Ash, ngingisi-ngisi habang nakikipagkindatan sa babaeng nasa kabilang mesa.

“Malabong mangyari iyan,” singit ng kanina pang nananahimik na si Art.

“Hah! Pustahan pa tayo? Fifty thou,” hamon ni Ash sa kakambal.

“All righty.”

“Ang unang babaeng lalabas ng girl’s CR... siya ang masuwerteng babaeng makakasungkit sa macho guwapitong si Chace!” deklara ni Yui.

Napailing na lang siya nang makitang seryosong nag-abang ang tatlo. And when the door finally swung open, sabay pang bumagsak ang mga balikat nina Yui at Ash samantalang abot-tainga ang ngisi ni Art. Siya naman ay kamuntikan nang masamid sa sariling laway.

“Sabi n’yo iyan, ha. Ang unang babae...” Nangaasar ang himig ng boses ni Art habang nakatingin sa kakambal at kay Yui.

Lihim na lang na napailing si Chace sa itinakbo ng mga pangyayari. It was obvious, panalo na si Art. Ang iniluwa ng banyo—ang spoiled brat slash Miss-Preppy-and-Snobby na si Saskia Gargoles. Miyembro ito ng mean girls trio ng eskuwelahan nila. And he disliked them. Masyadong maarte at maluho. They were brats with pretty faces and slender bodies. Mga babaeng bullies at gumagamit ng ‘girl aggression’ para manipulahin ang iba.

Nakita pa niya kung paanong bumaling sa kanila ang babae. Saskia batted her eyelashes at him most enchantingly. Pagkatapos ay maarte nitong inipit sa likod ng tainga ang ilang hibla ng buhok nitong ginulo ng malakas na ihip ng hangin bago ito naglakad patungong kantina.

Nagpalitan ng tingin ang kambal. Humagalpak ng tawa si Art, at sumimangot naman si Ash. Pabirong dinunggol ng suntok ni Ash ang braso ng una.

“Huwag ka munang magbunyi ngayon, Art. Marami pang araw sa kalendaryo. Malay natin, biglang mag-iba ang ihip ng hangin,” makahulugang sabi nito.

Nakaupo si Saskia sa canteen kasama ang mga kaibigan niyang sina Jazzy at Akira. Pinaikut-ikot niya ang straw sa iniinom niyang iced tea habang ang mga mata ay nakatanaw sa isang napakaguwapong mukha. Kanina pa siya pasulyap-sulyap sa Umbrella kung saan nakaupo ang ultimate crush niyang si Chace Aldeguer. Kausap ng binata ang tatlo pa nitong mga kaibigan. They were all physically very attractive, rich kids, and famous.

Hindi niya alam kung napansin ng mga itong kanina pa siya pabalik-balik sa rest room ng mga babae para lang magpapansin sa crush niya. Ilang taon na siyang nagpapakadakilang anino ni Chace, pero mukhang hindi pa rin nito napupuna iyon hanggang ngayon. Nuknukan naman kasi ito ng manhid at tila walang pakialam sa mundo.

“Hey, where are you going?” nakataas ang kilay na usisa sa kanya ni Akira nang bigla siyang tumayo at muling inayos ang pagkakaipit ng purplish red niyang buhok sa likod ng kanyang tainga.

Nginisihan niya lang ito. “CR?”

“Pathetic,” naiiling nitong komento. “Okay, go, but make it fast, *beeotch*. Kailangan nating mai-

discuss ngayon kung paano tuturuan ng leksyon ang bruhildang Kimmy na iyon na umaagaw sa attention ng Ashton ko.” Iwinasiwas nito ang kamay na tila ba sinasabing umalis na siya.

Iyon na dapat ang gagawin niya kung hindi niya lang namataang papalapit sa direksyon niya sina Yui at Ash. May nakahanda nang ngiti sa mga labi ng mga ito at nakatingin sa kanya ang dalawa. Nagpalingalinga siya sa paligid bago muling ibinalik ang mga mata sa dalawang lalaki.

“Hi, girls!” masiglang bati ni Yui sa kanila.

Sabay na napatili sa sobrang kilig sina Jazzy at Akira nang masilayan ang mukha ng dalawang binata. Mas malakas nga lang ang tili ni Akira dahil patay na patay ito kay Ash. Mayamaya lang ay napuno na ng mga tilian ang apat na sulok ng school canteen.

“Hi, Saskia!” Ash specifically greeted her.

She flashed him a smile. “Hello! Si Chace... h-hindi ninyo kasama?” derecho niyang tanong. Nagkatinginan sina Yui at Ash, pagkatapos ay kumurba ang nakakalokong ngisi sa mga labi ng mga ito.

“We want to talk to you, Sas.” Sandaling patlang. Tinapunan muna ni Ash ng tingin sina Jazzy at Akira

bago nagpatuloy. “Alone...”

“Follow me.” Kinuha niya ang shoulder bag at isinukbit sa balikat. “Excuse us, girls,” paalam niya sa mga kaibigan. Nag-iwan lang siya ng makahulugang tingin kay Akira na animo ipinapaabot dito na huwag itong magseselos sa kanya dahil hindi si Ash ang lalaking natitipuhan niya.

Naglakad sila patungong grand stand. She walked with a lofty proud gait and her head held high. Naupo siya sa pinakamataas na baitang kung saan tanaw nila ang malawak na football field.

“C’mon, what is it ba? Tell me, dali!” bulalas niya nang pare-pareho na silang nakaupong tatlo.

“Chace has got a crush on you,” walang gatol na anunsyo ni Ash.

Nalaglag ang panga niya. *Crush ako ng ultimate crush ko!* Pakiramdam niya ay sumabog ang milyun-milyong pink petals sa paligid.

“The sad part is, torpe siya. He likes you since freshman year, hindi nga lang siya makaporma sa ’yo dahil laging full-cast kayo kung rumampa. Daig n’yo pa ang *Charlie’s Angels*.”

Nagningning ang mga mata ni Saskia at tila

nagkaroon ng pakpak ang mga talampakan niya. “B-bakit n’yo siya ibinubuko sa akin ngayon?” nagawa niya pa ring itanong kahit na nanlalabo na ang kanyang utak sa sobrang kilig.

“Because we want to help our good ol’ pal. Siyempre, nasa fourth year na tayo. You know how time flies, di ba? Baka makaakyat na tayo sa stage at makuha ang mga diploma natin ay hindi pa rin makapagtapat sa ’yo si Chace.”

She sprang up. “I’ll tell him that I like him, too. Tapos ang problema!”

“No!” Pinigilan ni Ash ang akmang pagbaba niya. “It’s not going to be that easy. Una sa lahat, torpe si Chace, at may pakiramdam akong magkakaila siya kapag kinompronta mo siya. I have a better plan.”

Muli siyang napaupo. “What is it?”

Sinenyasan nito si Yui. Kaagad namang tumalima ang huli at mula sa bulsa ng pantalon nito ay hinugot ang isang nakarolyong papel at inilatag iyon sa harapan niya. Pinasadahan niya iyon ng tingin.

To do list:

- 1. Get to know each other*
- 2. Go out on a romantic date*

3. Kiss on the lips

“Ano ’to?” takang tanong niya sa dalawang lalaki, tutok na tutok ang mga mata sa kung ano ang nakasulat sa papel.

“Yan ang plano natin. Hindi natin siya puwedeng puwersahing lumabas ng cocoshell niya. Dadahan-dahanin lang natin siya, okay? Huwag mo na munang sabihin sa kanyang gusto mo siya. Dapat siya ang maunang magsabi sa ’yo niyan,” ani Ash sa kanya.

Pinaghugpong niya ang hintuturo at hinlalaki, pumormang bilog iyon. Ang tatlong daliri niya naman ay nakatikwas lang. A naughty smile curved her lips. Her Prince Charming was so shy and she liked it.

“Bakit ako magsi-CR?” salubong ang mga kilay na tanong ni Chace kay Yui nang halos ipagtulakan siya nito papasok ng banyo.

“Your hair smells like burnt crap, your breath stinks, and you stink! Basta, mag-CR ka!” tugon ni Ash. Muli siyang itinulak ng dalawa. Natatawa lang si Art sa likuran ng mga ito. Napaurong siya palikod at sinamantala iyon ng dalawa para kabigin pasara ang pinto. Hindi niya malaman kung paanong nailock ng mga ito ang pinto pero nang pihitin niya ang

seradura ay hindi na niya iyon mabuksan.

“Hey, open this up!” hiyaw niya sabay sipa sa pinto. Malutong na halakhak lang ang nakuha niyang tugon mula sa dalawa niyang kaibigan na mukhang sinapian ng masamang enerhiya.

“H-hi, Chace...”

Marahas siyang napalingon nang marinig ang malamyos na tinig ng isang babae. Bakit may babae sa banyo ng mga lalaki? Nasagot ang katanungan niya nang makilala ang kasama niya ngayon—si Saskia! Mahina siyang napamura. Mukhang tinotoo nga ng mga may sapi niyang kaibigan ang tungkol sa pustahan.

“What are you doing here?” nagtatagis ang mga bagang niyang tanong dito.

“K-kinaladkad lang din ako rito ng mga kaibigan mo,” kimi nitong sagot.

He threw her an icy glare. Sandaling tila nagyelo ang paligid. Then he raked his fingers through his hair. Naupo siya sa tabi ng pinto at isinandal ang ulo roon saka nakukunsuming ipinikit ang mga mata. Mayamaya ay naramdaman niyang may tumabi sa kanya. Pakiramdam niya ay na-electrocute siya nang dumaiti ang binti ng babae sa binti niya.

“Ang lawak ng CR, ’wag kang dumikit sa akin,” saway niya rito sa nabo-bore na tinig.

Hindi siya nito pinakinggan. She just stayed there and rested her head on his left shoulder. Naiinis niyang pinaling ang mukha sa dalaga. Nag-angat ito ng tingin at nagtagpo ang mga mata nila. The woman fluttered her eyelashes exaggeratedly.

“Wala ka pang girlfriend, di ba, Chace? Ano ba ang hinahanap mo sa isang babae?”

Nagpakawala siya ng isang naiiritang buntong-hininga. Hinayaan na niyang humilig ito sa balikat niya dahil siguradong hindi ito makikinig sa kanya kahit na singhalan niya ito.

“Wala akong hinahanap. May inaayawan lang ako. I don’t like mean girls with purplish red hair and pink manicure. Mga babaeng mas makulay pa sa bahaghari kung pumorma,” makahulugan niyang sagot.

Natigilan si Saskia. Sinuyod nito ng tingin ang sarili saka pinatulis ang nguso. “Parang ako yata ang idine-describe mo, eh.”

She was part of the infamous mean girls trio. Kaya alam niyang sapol ito sa sinabi niya. Totoo naman iyon. Magsasalita pa sana uli ito, subalit

walang ingat na siyang tumayo at kinalampag ang pinto. “Let me out of here, you idiots!”

Mayamaya ay umawang na ang pinto at sinalubong siya ng nakangising mukha nina Ash at Yui. Si Art naman ay tipid lang ang ngiti at iiling-iling. Nakita niyang lumampas sa balikat niya ang tingin ni Ash, at nag-thumb up ito kay Saskia.

Marahas niyang nilingon ang dalagang nakasunod sa kanya at pinukol ito ng matalim na tingin. Kung ganoon, hindi pala totoong kinaladkad lang ito sa banyo ng mga lalaki. She was part of the plan! Naiinis niyang binawi ang tingin at itinuon naman iyon kina Ash at Yui saka walang lingon-likod na nag-walk out.

2

Sinusuyod ng tingin ni Chace ang hilera ng medicine books na nasa library bookshelves. Abala siya sa pagbabasa ng mga librong may kinalaman sa medisina nang araw na iyon. Plano niya kasing mag-proceed ng Medicine kapag natapos na niya ang kursong Nursing.

“Profession of Medicine,” basa niya sa titulo ng librong nakaagaw sa kanyang atensyon. Hinila niya iyon mula sa shelf at kamuntikan na siyang atakehin sa puso nang bigla na lang sumulpot ang mukha ni Saskia sa likod ng nabakanteng espasyo.

“Hi, Chace!” matamis ang ngiting bati nito sa kanya.

“Holy grail! Are you insane? Bigla ka na lang sumusulpot sa kung saan-saan na parang kabute! Pinaiikli mo ang buhay ko sa mga panggugulat mo,” pasuplado niyang sita sa dalaga. Tumalikod siya at naglakad palayo. Dinig niya ang mga yabag nitong sumusunod sa likuran niya. Marahas niya itong nilingon at namalas niya ang gooey-brown puppy dog eyes nito. “Bakit ka ba sunod nang sunod sa akin, ha?”

Lumabi ito. “Iniiwasan mo kasi ako, eh. Tuwing

nagkakasalubong tayo sa corridor, bigla ka na lang lumiliko, 'kainis ka.'

Napailing na lang siya at tahimik na naupo sa isang bakanteng silya at itinuon ang mga mata sa binabasang libro. Sa gilid ng kanyang mga mata ay nakita niyang inokupa nito ang upuang katabi ng sa kanya. Lihim siyang napabuntong-hininga. He could feel a few strands of her hair tickling his arm.

“Chace... para sa 'yo,” mayamaya ay untag nito. May inilapag itong kahon sa mesa at marahan iyong itinulak sa direksyon niya.

“Bakit mo ako binibigyan ng ganyan? Hindi ko naman birthday,” salat sa emosyon niyang sabi.

“Tuwing may birthday lang ba puwedeng magbigay ng regalo? C'mon, don't be shy. Open it. I'm sure you'll like it.”

Nang hindi siya tuminag ay ito na mismo ang nag-unwrap sa kahon. Snow globe ang laman niyon. Sa loob ng transparent sphere ay miniature couple na magkahugpong ang mga labi. Kinuha nito iyon at inalug-alog bago inilapag sa mesa. The flakes fell down slowly through the water.

“Isn't it cute?” tanong ni Saskia sa kanya. Tila mayroong nagniningning na mga bituin sa loob ng

mga mata nito.

Humugot siya ng hangin at marahas na tumayo. “Hindi ko matatanggap iyan.”

Tumingala ito sa kanya. “P-pero... bakit?”

“Oh, just because,” tipid niyang sagot saka walang salitang iniwan ang dalaga.

“Sandali lang!” tawag nito sa kanya. Nasa labas na siya ng school library nang mahabol siya nito. Mabilis ang pagtaas-baba ng dibdib nito sa paghahabol ng hangin.

“What?” Marahas niya itong nilingon at laking gulat niya nang bigla na lang nitong tinawid ang ilang metrong distansyang nakapagitan sa kanilang dalawa. Her arms snaked around him, embracing him tightly.

Natuod siya sa kinatatayuan. Nayanig ang utak niya sa pagkakadikit ng kanilang mga katawan. Lalo na at ramdam niya ang init ng pisngi nitong nakahimlay sa dibdib niya. Bigla ang paggapang ng electric spark sa kanyang mga ugat.

“Chace... do you hate me?” mahina nitong tanong sa kanya kapagkuwan, itinaas nito ang mukha at sinalubong ang titig niya.

“I... I...” He wanted to say, *I don't*. “Yes, I hate you,” sa halip ay sagot niya. Sandaling dumaan ang lungkot sa mga mata ni Saskia bago iyon nahalinhan ng malamlam na ngiti.

“Sinungaling. Don't worry, alam ko namang may dahilan ka kung bakit hindi mo masabi sa akin ang totoo. Basta, relax lang, malalampasan mo rin 'yang 'katorpehan phase' na iyan.”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “What do you mean 'katorpehan phase'?”

Iniharang lang nito ang pinagdikit na hintuturo at hinlalato sa tapat ng mga labi niya. “Shh. Listen...” Sinalubong nito ang matiim niyang tingin bago nagpatuloy. “When the time comes, I'll be right there beside you... holding your hand. Huwag kang mag-alala, hindi kita susukuan,” anito. Tumiyad ito at tinamnan ng magandang halik ang pisngi niya, pagkatapos ay tumakbo na palayo.

Sa loob ng ilang segundo ay hindi nagawang gumalaw ni Chace. Inihatid-tanaw niya lang ang papalayong dalaga. Mayamaya ay umangat ang kamay niya at wala sa sariling nahaplos ang pisnging hinagkan nito. Naroon pa rin ang tamis at init ng mga labi ni Saskia.

Bigla ang pagbuhos ng realisasyon sa sistema niya. He actually liked her kiss! Ano ba ang nangyayari sa kanya? Dati-rati ay para lang siyang de-bateryang robot o taong-yelo—walang emosyon at nakikisabay lang sa agos ng buhay. Akala niya noon ay kulang ang listahan ng mga emosyong na-install sa katawan niya sapagkat madalas ay wala siyang maramdaman.

Pero ngayon... batid niyang may nagbago sa kanya. Malinaw na ebidensya ang mabilis na tibok ng puso niya nang mga oras na iyon. All because of Saskia Gargoles!

“I cannot tolerate this feeling. Hindi puwedeng may maramdaman ako para sa kanya. Hindi ko siya maaaring magustuhan. Hindi ko siya maaaring mahalina...”

“Are you sure about this, Yui? I think kasi, Chace super-duper hates me na. Sigurado ba talaga kayong crush niya ako? Parang iba kasi ang ipinaparamdam niya sa akin. Mula n’ong insidente sa boy’s CR ay iniwasan na niya ako at kapag nagkakasalubong kami, tagus-tagusan naman ang tingin niya sa ’kin. Now I know how it feels to be *Casper*, the friendly ghost,” ani Saskia. Kausap niya si Yui at papunta sila sa mall para i-meet up ang mga kabarkada nito.

Siyempre ay nandoon din si Chace.

“Napa-paranoid ka lang. Ngayon ka pa ba mag-iisip nang ganyan kung kailan nagawa mo na ang first step sa ‘to do list’ natin? One, ‘Get to know each other’... check! Nandito na tayo ngayon sa dating stage, o.” Inakbayan siya nito at ginulo ang buhok niya. Kumawala siya sa pag-akbay nito at pinukol ito ng matalas na tingin.

“‘Getting to know’ na ba ang tawag mo d’on? Teka lang, sinisira mo ang buhok ko, eh!” reklamo niya.

“That’s what I like about you, Sas. Lagi kang presentable. And you take care of yourself very well. Iyan talaga ang dahilan kung bakit ka nagustuhan ni Chace.” Nakakaloko ang ngising nakapaskil sa bibig nito.

Napahalukipkip siya, busangot ang mukha. “Parang hindi naman. N’ong nakulong kami sa CR, ang sabi niya sa akin, ayaw daw niya sa mga mean girls na purplish red ang kulay ng buhok at pink ang manicure.”

“Seryoso? Sinabi niya iyon?” Yui chuckled. Muli nitong isinampay ang braso sa balikat niya. “Diskarte niya lang iyon para siyempre hindi mo mahalatang

may gusto siya sa 'yo.”

“Sigurado ka riyan, ha! I’m gonna make tusok your eyes talaga if you make kuwento things na hindi naman totoo!” asik niya, dinuru-duro pa niya ito gamit ang hintuturong nakukulapulan ng pink manicure.

Mayamaya ay sinalubong na sila ni Ash. Nakipag-high-five ito kay Yui at nginitian siya nang matamis. “You’re just in time, Dude! Kararating lang din ni Chace. Nasa supermarket sila ngayon ni Art para bumili ng mga pagkaing puwede nating papakin sa loob ng sinehan bukod sa cashew nuts.”

As if on cue ay biglang lumitaw sa harapan nila ang dalawang lalaking binanggit nito. Nag-angat lang ng kilay si Art at tila pinipigil ang sariling huwag lantarang mapailing. Samantalang nagpalipat-lipat naman ang tingin ni Chace sa kanya at kay Yui. Naging malamig ang ekspresyon sa mukha nito.

“Let’s go!” malakas ang boses na yakag sa kanila ni Ash upang basagin ang namumuong tensyon sa paligid. Hinila nito ang kamay ni Saskia at iginiya siya papasok ng sinehan. Inokupa nito ang puwestong nasa pinakadulong hilera ng mga upuan. Siya naman ay naupo sa tabi nito. Ilang segundo rin ang dumaan bago pumasok si Chace kasunod sina Yui at Art. A

line of irritation creased Chace's forehead. Napilitan itong maupo sa tabi niya dahil itinulak ito ni Yui roon.

Wala sa sariling nahagod ng dalaga ang nanunuyong lalamunan. Chace smelled of expensive perfume. Ang bango nito! Hindi na niya mawawaan kung ano ang sumunod na mga nangyari. Naging abala na ang utak niya sa pag-iilusyong ikinakasal na raw sila ng binata. Lumipad ang isipan niya sa isang magical place kung saan nakatirik ang isang white castle. Sa palibot niyon ay nakasabog ang sariwa at makukulay na talulot ng mga bulaklak at nagliliparan ang mga ibon at paruparo.

I'm so going to wear birdcage veil with feather clip. And then I'll curl my hair and I'll wear that expensive diamond necklace from Paris, she thought dreamily.

Naputol ang paglalayag ng imahinasyon niya nang marahas na tumayo si Chace. "I'm leaving," he said flatly.

Napatingala siya rito. "B-but why?"

"Hindi mo ba nakikita? Iniwan na nila tayo."

Napatingin siya sa mga espasyong okupado ng mga kaibigan nito. And true enough, wala na nga roon ang tatlong lalaki.

“Magiging prangka na ako sa ’yo, *hindi* ako natutuwa sa ginagawa ng mga kaibigan ko.” Nagbaba ito ng tingin upang magtagpo ang mga mata nila. Dahil doon ay lumukso ang puso niya. “Saskia, may kinalaman ka ba sa mga kalokohang ito?” seryoso ang mukhang usisa nito.

Napanganga siya. Hindi niya alam kung paano sasagutin ang tanong nito. Kung tutuusin ay madali lang naman iyon at kayang-kaya niyang sagutin, pero sa kung anong dahilan ay hindi niya maibuka ang bibig.

“Chace, my man! Nag-e-enjoy ba kayo ni Saskia?” biglang singit ni Yui, may bahid ng malisya ang pagtaas-baba ng mga kilay nito. Sumulpot na lang ito mula sa kung saan.

Hindi niya alam kung totoo ngang umalis ang mga ito o nakasilip lang sa kanila ni Chace. Pero nagpapasalamat na rin siya at bigla itong lumitaw dahil hindi niya alam kung paano sasagutin ang tanong ng crush niya. Nararamdaman kasi niyang may mali sa sitwasyong kinalalagyan niya ngayon.

“Tara, may sorpresa kami sa inyo, mga lovebirds!” bulalas ni Ash. Hindi na nila napatapos ang sine dahil kinaladkad na sila nina Ash at Yui palabas.

Nagpahila na lang siya sa mga ito. Nagugulumihan siya. Maraming question marks sa loob ng kanyang utak. Crush ba talaga siya ni Chace? Ang weird naman nitong magka-crush.

Eksaherado ang pamimilog ng mga mata ni Saskia nang mamalas ang bistang sumalubong sa kanyang mga mata. Nasa isang mamahaling restaurant sila. Wala ni isang tao ang nasa loob niyon. Tanging isang hugis-parisukat na mesang para sa dalawang tao lang ang nakalagak sa gitna ng malawak na restaurant kung saan nakahanda ang romantic candlelight dinner. May pumapailanlang na malamyos na musika sa ere.

Kahit na ilang beses na siyang naimbitahan sa isang dinner date ay parang kakaiba ang dating ng isang ito ngayon sa kanyang harapan. Nae-excite siya, natetensyon, at kinikilig. Unang beses niyang naramdaman ang ganoong pakiramdam.

Ang landi ko, she thought sheepishly. Sinulyapan niya si Chace na tahimik lang na nakasunod sa likuran nila. Nakasuksok ang dalawa nitong kamay sa magkabilang bulsa ng pantalon nito. His face remained expressionless. Hindi niya mabasa kung ano ang naglalaro sa isipan nito nang mga sandaling

iyon.

“Ito ang sorpresa namin para sa inyong dalawa! Nagustuhan ba ninyo?” bulalas ni Ash, palipat-lipat ang tingin nito sa kanilang dalawa ni Chace.

Natutop niya ang dibdib at matamis na ngumiti. “Oh! Thank you so much!” She was really grateful. Halata naman kasing ginagawa nina Yui at Ash ang lahat para paglapitin sila ni Chace.

Bakit ba kasi nauso pa ang katorpehan?

Dinig niya ang mabigat na paghugot ni Chace ng hangin. Hindi nito pinansin ang mga kabarkada. Nilampasan lang sila nito. Dumerecho ito sa mesa at inokupa ang isa sa dalawang silyang naroroon.

Nagliwanag ang mukha ng tatlong kaibigan nito, kabilang na roon si Art, na kung tutuusin ay palamuti lang naman. Sina Ash at Yui talaga ang nagsilbing tulay para makamit nila ni Chace ang tamis ng unang pag-ibig.

Oh, yes, in love na nga siya sa binata. Hindi iyon simpleng infatuation o crush lang. Kakaiba na ang lukso ng puso niya sa tuwing naiisip niya ito. At tila kinukutkot ng pusa ang bituka niya sa tuwing nagkakalapit silang dalawa.

“Ano pa ang hinihintay mo riyan? Hindi ka papangkuhin ng Prince Charming mo, ’oy. Lapitan mo na siya,” udyok sa kanya ni Yui. Ash mouthed ‘good luck’ bago tumalilis ang mga ito palabas ng restaurant.

Muli niyang itinuon ang tingin kay Chace. He was looking at her. Wala siyang mabasang ekspresyon sa mukha nito. Tiyak ang mga hakbang niya palapit sa binata. Tumayo siya sa tapat ng mesa at hinintay na ipaghila siya nito ng upuan.

“Hindi ako gentleman, Saskia. Go grab yourself a chair,” malamig nitong utos sa kanya.

She stood in stunned silence for three seconds. *Bakit parang may mali talaga?*

Ipinilig niya ang ulo saka mabilis niyang hinamig ang sarili. She sat down and returned his gaze. Iyon nga lang ang sa binata ay animo refrigerated na tingin, ang sa kanya naman ay ubod ng tamis.

Ngunit sa kabila ng malamig na tinging ipinupukol nito sa kanya ay tila mayroon pa ring espesyal na mahikang humahatak sa kanyang mga mata, hindi niya maialis iyon sa mga labi nito.

Three: Kiss on the lips, anang maliit na tinig sa tainga niya.

Kailan ko kaya matitikman iyang kissable mong mga labi, Chace? pipi niyang tanong.

“Alam kong may ipinakaing kung anu-ano sa utak mo ang mga baliw kong kaibigan. Hindi ko na dapat ito bibigyang-halaga. But this has gone too far. I don’t want to hurt your feelings, pero kailangan mong marinig mula sa akin mismo ang buong katotohanan.”

Napakurap-kurap siya. Ano ba ang sinasabing katotohanan ng lalaking ito? Umalsa ang kakaibang kaba sa kanyang dibdib. Mistulang may naghahabulang daga sa loob niyon.

“Hindi kita gusto. Nagkaroon lang ng pustahan ang kambal. Nagpustahan silang makakakuha ako ng girlfriend bago matapos ang school year na ’to. And unfortunately, ikaw ang babaeng naipit sa kalokohang iyon.”

Marahas siyang napasinghap. *Pustahan?* Iyon lang iyon? Masakit malamang biktima lang siya ng isang malupit na pustahan. Ngunit higit na masakit iyong tahasan nitong pagsasabi na hindi siya nito gusto.

Napabuntong-hininga siya. And despite her weak knees, nagawa niya pa ring tumayo. “Thank you for telling me. And just so you know, hindi rin kita gusto.”

100% Crazy Love - Ingrid De La Torre

Iyon lang at walang lingon-likod na siyang umalis,
baon ang kumikirot niyang puso.

3

Makalipas ang walong taon...

“Isda! Bili na kayo rito! Isda!” sigaw ni Saskia na pumailanlang sa maingay at magulong palengke. Nakalatag sa lamesang gawa sa puting baldosa ang iba’t ibang klase ng paninda niyang isda: bangus, tilapia, maya-maya, torsilyo, danggit, at galunggong na walang pagod niyang pinapaypayan upang huwag dapuan ng umaali-aligid na mga langaw.

Nasa hilera siya ng mga palengkerang nagbebenta ng isda. Humahalo ang malansang amoy sa hangin at basa sa tubig ang sementong daanan ng mga mamimili. Tirik pa ang araw ay naroon na siya sa puwesto. Ngayon ay magdadapit-hapon. Malagkit na ang balat niya sa pawis at sabog-sabog na rin ang nakatali niyang buhok. Pinahid niya ang pawis na namuo sa tungki ng kanyang ilong gamit ang likod ng kamay.

“Sas, dumidilim na. Ako na ang bahala rito. Umuwi ka na rin at kailangan mo pang maghanda para sa trabaho. Baka ma-traffic ka pa sa daan,” ani Maya. Anak ito ni Aling Chuling na siya talagang may-ari ng puwesto. Suma-sideline lang siya roon,

tumutulong sa pagbebenta ng isda at sinusuwelduhan naman siya ng mag-ina.

Napasulyap siya sa wristwatch; alas seis pa lang ng gabi. Alas nueve pa ang pasok niya sa call center. Ngunit kailangan pa niyang maghanda at magluto ng hapunan. Isa pa ay may punto si Maya, baka ma-traffic siya sa daan. Mabuti na rin iyong may allowance siya sa oras.

Hinubad niya ang apron at naghugas ng kamay. “Ayos ka na ba rito?” tanong niya sa kaibigan habang sinusuklay niya ang nanlalagkit na buhok gamit ang mga daliri at inayos ang pagkakatali niyon.

“Sus! Ilang taon na kaming tintera ng isda ni Nanay dito sa palengke. Ngayon mo pa ba naman itatanong sa akin iyan? Huwag mo na nga akong isipin dito,” nakangiting saad nito. Dumukot ito ng one hundred fifty pesos sa bulsa ng pantalon at inabot sa kanya.

“Salamat. Sige, mauna na ako sa ’yo.”

Ramdam na ramdam ni Saskia ang bayolenteng pagkulo ng sikmura niya, pero wala siyang panahong intindihin iyon. Mas mabigat ang kinakaharap niyang problema. Kasalukuyan siyang nasa pantry

ng *Telenest Philippines*—ang pangalan ng call center na pinagtatrabahuhan niya—at tagusan ang tingin sa palabok na naka-display sa pahabang mesa. Pagtapak niya pa lang kanina sa production room ay pinatawag na siya ng kanyang supervisor para sabihing iyon na ang huling araw niya roon.

Nasipa siya sa trabaho dahil mayroong na-calibrate ang quality analyst ng sales department mula sa mga handled calls niya na malinaw na nagpapakita ng kasong pandadaya. Hindi naman niya gustong mandaya. Nagawa niya lang iyon pagkat desperado na siyang hatakin pataas ang performance status niya. Hindi niya sukat-akalaing mahuhuli kaagad siya nang ganoon-ganoon na lang.

“Ang tanga-tanga mo kasi! Boba ka talaga! Paano na kayo ngayon ng nanay at anak mo? May high blood at diabetes ang nanay mo at dolyares ang presyo ng gatas at bitamina ng anak mo! At saan ka ngayon kukuha ng ipambabayad sa nagbabantay sa bata? Hay! Ang mahal na kayang mabuhay sa panahon ngayon. Hangin na lang yata ang libre!” Ikinuyom niya ang mga kamay at isinuntok-suntok iyon sa kanyang noo saka nanghihinang isinubsob ang mukha sa mesa.

Ang itinutukoy niyang anak ay ang half-sister

niyang si Sophie. Anak ito ng daddy niya sa querida nitong sapilitang iniwan sa kanila ang bata.

Tandang-tanda pa niya kung paanong nahumaling sa babae ang ama na siyang naging dahilan para masadlak sila sa kahirapan. Tinustusan nito ang luho ng kulasisi at napabayaang ang negosyo ng pamilya.

Noon ay hawak nila ang pinakamalaking pagawaan ng sapatos, ngunit unti-unti iyong nalugi hanggang sa tuluyan nang naibenta. Nang sumapit ang puntong iyon ay iniwan na rin ng babae ang ama niya. Dahil doon ay inatake sa puso ang daddy niya at kinailangan nitong sumailalim sa open-heart surgery. Dahilan upang maubos ang naitabi nilang pera. Ilang buwan ding nanatili sa intensive care unit ang kanyang ama, pero binawian din ito ng buhay. Simula noon ay nagumon na sa mahjong ang kanyang ina. Masakit man sa kanya ay nawala ang kinasanayan nilang yaman at maalwang buhay.

Napilitan siyang pumasok sa kung anu-anong trabaho at sideline para lang kumita ng pera. Wala siyang pinapalampas na raket. Sino ang mag-aakalang ang isa sa tatlong miyembro ng tanyag na mean girls trio noon ay kilala na sa titulong primerang raketera ngayon?

Humugot siya ng hangin. Nakakapagod ang

buhay niya. Siyam na oras siyang nagtatrabaho sa call center. Nagsa-sideline pa siyang kumuha ng mga order ng isda mula sa mga katrabaho niya. Pagsapit ng hapon ay dumederecho na siya sa palengke para magbenta ng mga isda at kapag may sumusulpot pang trabaho na kaya niyang isiksik sa kanyang oras ay sinusunggaban niya kaagad.

“Kailan pa ba uli giginhawa ang buhay namin?” nanlulumo niyang tanong. Naninikip ang lalamunan niya sa ibayong sama ng loob. Marahas siyang nagbuga ng hangin at pilit na itinuon sa ibang bagay ang atensyon.

“Girl, ang guguwapo talaga nila, ano? Waging-wagi talaga ang mga *fes* ng top ten *supah* guwapo and *macho-licious* sought-after bachelors in the world!” kinikilig na bulalas ng dalaga sa katabing mesa na siyang napagtuunan niya ng pansin. May dalawa pa itong kasama at nagkukumpulan ang mga ito sa kung anong babasahin.

“Ah, basta, akin si Dr. Chace Aldeguer! Ang pinakaguwapong doktor sa buong mundo! And, girl, hindi lang siya doktor, he also owns vast stretches of land and a real estate brokerage firm. O, di ba, ang bongga niya?” anang kasama nito.

Nanigas ang leeg niya sa mga narinig. *Chace*

Aldeguer!

Hindi kayang burahin ng panahon ang pangalan nitong nakaukit sa puso at isipan niya. Paano ba niya makakalimutan ang nag-iisang lalaking nagpapalundag sa kanyang puso? Chace was her ultimate crush. Simpleng paghangang nauwi sa pag-ibig. Pag-ibig na hindi pa man tuluyang namukadkad ay nalanta na. Paniwalang-paniwala siyang may crush din ito sa kanya.

Iyon pala ay pinagpustahan lang siya ng mga unggoy! At ang walanghiyang Chace naman ay walang awang isinampal sa pagmumukha niyang hindi raw siya nito gusto.

The nerve! So, doktor na pala ang bisugong iyon!

Isinumpa niya sa namamagang ingrown niya sa hinlalaking daliri sa paa na wala na siyang pakialam sa lalaking iyon. Kung ayaw nito sa kanya ay ayaw na rin niya rito!

Napabuntong-hininga siya at ipinaling ang mukha sa ibang direksyon. Husto namang pumasok ang supervisor niyang si Suzanne sa pantry at kumaway sa kanya.

“Can I steal a few minutes of your time, Sas?” pormal nitong simula. Inokupa nito ang silyang katabi

ng sa kanya.

“Wala hong problema, TL.”

Tumikhim muna ito bago isiniwalat ang pakay. “Kailangan ko ang serbisyo mo. Alam kong raketera ka at lahat ng mga nakahaing trabaho sa harapan mo ay sinisikap mong magawa.” Hinubad nito ang salamin sa mata at inilapag iyon sa mesa. “Wala ka nang trabaho rito sa *Telenest*, pero may ibibigay akong trabaho sa ’yo.”

Napatuwid ng upo si Saskia. Pakiramdam niya ay ito na ang ipinadalang tulong sa kanya ng langit. *Trabaho...* Tila kalansing ng mga nagpipingkiang perang barya at papel ang tunog niyon sa tainga niya.

“A-ano ho’ng trabaho, TL?”

“Simple lang. Sirain mo ang nakatak dang kasal ng aking matalik na kaibigan,” kaswal nitong sambit.

Nanlaki ang mga mata niya at hindi niya magawang isara ang umawang na bibig. “P-po?”

“Guluhin mo ang kasal ni Chace Aldeguer sa long-time fiancée nitong si Cosette Marquez.”

Kamuntikan nang madulas ang puwit niya sa kinauupuang silya nang marinig ang pangalan ng lalaking gusto niyang paghahampasin ng baseball

bat ang pagmumukha.

“Hindi po ako puwede! Busy po ako,” mabilis niyang tanggi.

Hinding-hinding-hindi ko papatusin ang trabahong may kinalaman sa walang pusong unggoy na Chace na iyon! Wala na akong pakialam sa kanya at—

“Babayaran kita. Kahit gaano pa kamahal. Tutumbasan ko ang halaga ng suweldo mo rito sa *Telenest* para sa isang buong taon,” putol nito sa paglalalayag ng isipan niya. “Akin lang si Chace at hindi siya puwedeng ikasal kay Cosette. That selfish, conceited bitch happens to be my best friend, pwe! Truth is, she’s not really my best friend. Sarili lang niya ang kaibigan niya. Nakipaglapit lang naman ako sa brat na iyon dahil gusto kong agawin si Chace mula sa kanya,” dagdag nito.

Nayanig ang utak niya pero pinili niyang huwag nang magkomento pa. Kailangan niya ng sapat na oras para mag-isip. Kailangan niyang makasigurong tama ang desisyong pipiliin niya.

“Pag-iisipan ko po, TL.”

Marahas na humugot ng hangin si Suzanne, kapagkuwan ay padaskol nitong hinugot ang isang papel mula sa dala nitong bag at initsa iyon sa ibabaw

ng mesa.

“There goes your wedding invitation. Itago mo na at inaasahan kong pabor sa akin ang magiging desisyon mo,” matabang nitong usal. Tumayo na ito at walang paalam na umalis.

Nagsisimula nang mangilid ang luha sa mga mata ni Saskia habang tinatahak niya ang mabatong daan baon ang maliit na tsansang makakarating pa siya ng *Villa Aldeguer*. Umihip ang malamig na hangin at kasabay niyon ay sumayaw ang matataas na talahib sa magkabilang gilid ng makitid at kulay tsokolateng daan.

Kanina ay sakay siya ng tricycle, pero napilitan siyang bumaba dahil diskumpiyado siya sa karakas ng driver. Para bang naghihintay lang ito ng tamang pagkakataon upang magawan siya ng masama. Heto tuloy at hindi niya malaman kung paano matutunton ang *Villa Aldeguer*.

“This is not happening! Ito na ho ba ang paraan N’yo ng pagsasabi sa aking mali ang naging desisyon kong patulan ang kabaliwang ito?” nanlulumo niyang bulalas. Ang makitid na daang tinatahak niya ay humantong pa sa dalawang magkahiwalay na

daanan. Isa patungong kaliwa at isang pakanan. “Isa itong masamang biro ng tadhana!” inis na sabi niya at parang tangang hindi gumagalaw sa kinatatayuan.

Tama naman palang ipinilit ni Suzanne na magpunta siya sa *Villa Aldeguer* nang mas maaga kaysa nakatakdang petsa ng kasal. Ang sinabi nito ay kailangan daw kasi niyang mapag-aralan ang sitwasyon para hindi mabulilyaso ang plano nila.

Mabuti na lang at sinunod niya ang gusto ng babae dahil mukhang kailangan niya ng sapat na oras para i-figure out kung paano siya makakaalis sa liblib na lugar na kinaroroonan niya nang mga sandaling iyon.

Muli niyang pinagmasdan ang dalawang magkahiwalay na daan. Humigit-kumulang sampung minuto na siyang nakatayo roon, panay ang ngatngat niya sa mga kuko sa kamay, at maya’t mayang napapahugot ng hangin bago may malakas na businang bumasag sa pagtunganga niya roon.

She swung around. Isang itim na *Ford Flex* ang sumalubong sa paningin niya. Nabuhayan siya ng loob at mabilis na nilapitan ang sasakyan. Tinted ang salamin niyon kaya hindi niya makita ang taong sakay niyon. Gayunman ay kumatok pa rin siya sa salaming bintana. *Bahala na...*